

# ALL-STOCKS NETWORK

**White paper 2018**

# TALAN NG NILALAMAN

ABSTRACT	4
PANIMULA	5
TRADISYONAL NA ASSET-BACKED TOKENS	7
ARKITEKTURA NG SISTEMA	7
Cryptocurrency Exchanges	7
Pampublikong Blockchain	7
Stamper	7
Layer ng Aplikasyon	7
Tethered Tokens	8
Paglipat ng Pagmamay-ari	8
Bayarin	8
Regulasyon	8
PAGPAPATUPAD NG SISTEMA NG ALLSTOCKS	8
Blockchain ng Ethereum	8
Pagmimina ng Ethereum	9
Cryptocurrency Tethered Token (CTTs):	9
Fiat Currencies	9
Money Market na mga Instrumento	9
Pagsunod sa Regulasyon	9
Escrow na Account	10
Mananaliksik ng mga Assets	10
Ipapaliwanag natin kung Paano ito Gumagana	10
Tokens ng ALLSTOCKS Network	10
IMPRASTRUKTURA NG ALLSTOCKS	11
On-chain na Imprastruktura	11
CTT Smart Contracts	11
ALLSTOCKSDecentral Stock Exchange	11
Buffers	11

Off-chain na Imprastruktura	11
Toolkits	11
CTT na mga Mananaliksik	11
REGULASYON AT PAGPAPATUPAD	12
CTT na Arkitektura	12
Pagpapatayo ng Network ng ALLSTOCKS	12
Pag-upgrade ng mga interface ng token	12
CTT Three-Layer na sistema	12
Pag-update ng pagsunod	12
Arkitektura ng Smart na mga Regulasyon	12
Papel ng Tokens ng ALLSTOCKS	13
DECENTRALIZED NA MGA OPERASYON	14
On-chain Digital na Pagkakakilanlan	14
Mga Remittances	14
API para sa Currency	14
MGA GAMIT NG TOTOONGPINANSYAL NA ASSET-BACKED TOKENS	15
Pagbenta ng Token	16
<b>Layunin ng Fundraising: \$20M Hardcap</b>	16
KONKLUSYON	18
DISCLAIMER NG PANANAGUTAN	19
MGA PELIGRO AT UNCERTAINTIES NG ALLSTOCKS	20

## ABSTRACT

Ang ALLSTOCKS Network ay isang distributed na pandaigdigang stock exchange na plataporma na naglalayong makipag-interface sa lahat ng mga nangungunang stock exchanges at stock brokers sa buong mundo. Tinatanggap din nito ang trading ng crypto tokens na sinusupportahan ng tunay na pangpinansyal na assets. Ang network ay gagawa ng decentralized na sistema, na nagpapahintulot sa lahat ng stakeholders na makapag-trade sa kanilang ERC20 standard-compatible na token. Ang mga assets na ito ay hahawakan ng isang escrow na account. Dagdag pa, ang network ay nagpapahintulot sa mga gumagamit na makapag-trade ng pinansyal na assets (kagaya ng currencies at bonds) sa Blockchain na teknolohiya.

Bilang karagdagan, ang ALLSTOCKS Network ay magpapakita ng generic na API interface, na siyang magbibigay sa mga developers ng mas malawak na kakayahang magpaunlad ng kanilang kagamitan at apps para sa pamumuhunan, hedging at gawin ang mga transaksyon gamit ang ALLSTOCKS tokens. Ang mga decentralized na organisasyon na exposed sa cryptocurrency ay magbibigay kaligtasan sa kanilang funding sa pamamagitan ng stable na assets. Kahit na ang network ay nagpapahintulot sa mga mamumuhunan na pamahalaan ang iba't ibang investment na portfolio, ito rin ay nagpapahintulot sa mga kompanya na mag-issue ng capital sa pamamaraang madali at flexible.

## PANIMULA

Ang Blockchain na Teknolohiya ay isang bukas at decentralized na teknolohiya na ginagamit na mag-rekord at mag-imbak gamit ang mga digital na blocks. Ang mga blocks sa Blockchain na Teknolohiya ay kumakatawan sa pampublikong distributed na database. Dagdag pa, ang bawat block sa chain ay computer code na naglalaman ng mga impormasyon gaya ng transaction history, certificate of authenticity, certificate ng pagmamay-ari, mga kontrata, pinansyal na mga transaksyon, at iba pa. At, ang mga blocks sa database ay kumukonekta sa bawat isa gamit ang digital chains. Ang Blockchain na teknolohiya ay lumalaki bawat araw dahil may mga impormasyon na naidadagdag. Ito ay sinimulan noong 2008 ni Satoshi Nakamoto ngunit naipatupad kalaunan noong 2009. Bilang isa sa mga napakagaling na imbensyon, pinapatakbo ng Blockchain na teknolohiya ang cryptocurrency o digital na pera. Halimbawa ng cryptocurrency ay ang Bitcoin, Ripple, Ether, at iba pa. Sa cryptocurrencies, ang paglipat ng pera ay napakabilis na, at ito ay isang tamper-proof na network. Bilang resulta, hanggang ngayon, wala kahit isang nai-report na kasong pag-hack sa network. Ang iba pang tinatampok ng Blockchain na teknolohiya ay kasama ang peer-to-peer na pagkonekta ng nodes, cryptographically enabled na mga seguridad, mekanismo para sa consensus, transparency, at immutability ng data.

Gumagamit ang mga Blockchain ng matematikal na algoritmo at mga functions upang makagawa ng napakaligtas, distributed ledger na sistema na nagpapatakbo ng mga transaksyon na walang pag-apruba ng third party o central na authority. Kaya, ang pangalang “decentralized na teknolohiya.” Sa next-gen na teknolohiyang ito, isyu ang trust dahil hindi alam ng mga gumagamit kung sino ang kasunod na gumagamit sa likod ng close-by node. Isyu and tungkol sa trust dahil wala ng third party (kagaya ng mga bangko) na siyang nagpapatakbo ng mga transaksyon. Ito ang nagpapaliwanag kung bakit ang sistema ng consensus ay ginagamit bago ang nodes sa sistema ay magvavalidate ng transaksyon, at dahil dito, ito ay itinuturing bilang trustless na sistema. Sa Blockchain na teknolohiya, ang mga gumagamit ay di kailangang magtiwala sa kahit anong propagated na mga transaksyon hanggang hindi ito ay na-beripika, na-kumpirma, at na-validate. Pagkatapos ng pag-validate ng transaksyon, ito ay nirerekord sa distributed ledgers na tinatawag na Blockchains. Kapag nai-rekord na, ang impormasyon ay hindi na maaaring baguhin. Ang bawat block ay naglalaman ng transactional na impormasyon, hash pointer, at time-stamp.

Ang sistema ay nagdadagdag ng bagong blocks sa pamamagitan ng proseso na tinatawag na mining. Ang bawat block ay naglalaman ng impormasyon (maaaring kaparehong transaksyon sa itaas) na kailangang i-beripika at i-confirm ng gumagamit. Dagdag pa, ang mga gumagamit ay may kopya ng distributed ledger sa kanilang nodes. Upang makasama sa sistema, ang gagamit ay dapat may wallet. Sa ngayon, ang Blockchain na teknolohiya ay

kumakalat na sa mundo, at patuloy ang pananaliksik upang ma-automate ang marami pang fields gamit ang Blockchain technology.

Tinatanggal ng Blockchain na teknolohiya ang pangangailangan ng trusted na intermediary sa iba't ibang mga industriya at sektor. Dahil ang gamit nito bilang kabayaran ay mahigpit na tinatanong ang legalidad nito sa institusyonal na lebel, ang pagamit nito ay nagging hamon. Ang sistematikong pagamit ng cryptocurrency ay gumagawa ng iilang bottlenecks at hamon, kaya mas hindi epektibo ang pagpalit sa tradisyonal, pinansyal na mga assets. May hamon galing sa palitan ng cryptocurrency sa fiat na currency bilang resulta sa pagkaantala at hinihinging bayad ng mga crypto exchanges sa mga may-ari ng accounts, processors ng bayad, at pinansyal na mga institusyon. Ang volatility at kakulangan ng transparency sa crypto market ay iilan sa mga flaws na dahilan upang ma-discourage ang mga institusyonal na mamumuhunan at tradisyonal na mga tao sa paglahok sa crypto market. Dagdag pa, ang mga decentralized na mga mamumuhunan, decentralized na pundo, at crypto-investors ay naglilimita ng pagkakataong i-diversify ang kanilang investments sa tradisyonal na holdings. Ang mas malala pa, ang mga miners ay binabayaran para sa pag-facilitate ng mga transaksyon bilang speculative na investment, paraan ng paglipat ng halaga, at paraan ng crowd-funding. Hangga't hindi pa ganap na buo ang decentralized na protocols, ang crypto-market ay may kaharap na panganib sa seguridad at fraud (dahil sa hindi regulated na mga exchanges), panganib sa market (gawa ng pagamit ng volatile na cryptocurrency lagpas sa kanilang pang-arkitekturang kapasidad) at Initial Crowd Funding (ICF)-related na mga panganib (naka-lock sa crypto na mga kontrata). Ngunit, sa tradisyonal na finance, lahat ng operasyong ito ay regulated, nakatulong sa pamamahala ng mga sistematikong panganib.

Dahil dito, ang Whitepaper na ito ay magsusuri sa limitasyon at hamon ng crypto environment. Sa katapusan, ito ay magbibigay ng magagawang solusyon gamit ang umiiral na sistemang teknolohikal na imprastruktura upang matugunan ang mga kakulangang ito, na makatulong sa mga stakeholders na gumawa ng maayos na desisyon.

## TRADISYONAL NA ASSET-BACKED TOKENS

Ang nangunungang stakeholders ng ALLSTOCKS Network ay ang mga gumagamit, na gustong makuha ang lahat ng benepisyo galing sa Blockchain na teknolohiya at cryptocurrencies. Kasama, ngunit hindi limitado, sa mga benepisyong ito ay: mababang pagpapadala, ligtas na mga transaksyon at paglipat. Kasama sa ibang stakeholders ang mga tradisyonal na mamumuhunan na gustong kumite sa crypto-economy at sa decentralized na mga organisasyon, na naglalayong palawakin ang kanilang crypto-holdings na may low-yielding assets na manatiling transparent sa lahat ng potensyal na crowd-funders.

Upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mga stakeholders, kailangang palitan ang tradisyonal na mga instrumentong pang-pinansyal ng blockchain. Sa layuning ito, tethered tokens, tokens na may fiat currency backing, ay kailangang gawin na may kasamang underlying assets na kinakatawan. Kapag ang istratohiyang ito ay nagawa, ang mga tethered tokens ay maaaring gamitin bilang currency at commodities. At, upang makagawa ng mga money market na mga instrumento, currencies at commodities trade na mas madali sa Blockchain na teknolohiya, isang stamper na nag-i-issue ng token at naglalaman ng tradisyonal na asset ay maaaring i-develop.

## ARKITEKTURA NG SISTEMA

Dahil ang konsepto ng Whitepaper na ito ay upang i-leverage ang arkitektura ng sistema upang matulungan ang mga stakeholders na gumawa ng maayos na desisyon, ang arkitektura ng sistema ay kailangang suriin. Kailangan na ang mga tradisyonal na assets ay mapunta sa Blockchain, at ang mga sumusunod na mga factors ay makakatulong sa ganitong layunin.

**Cryptocurrency Exchanges:** Ang mga cryptocurrency exchanges ay may gagampanang mahalagang papel dahil sila ang magbibigay sa mga gumagamit ng digital na wallets at fiat currency na mga account sa kanilang lokal na currency. Ang mga serbisyong ito ay tumutulong sa mga gumagamit na bumili, mag-transmit at magbenta ng mga cryptocurrencies at magbigay ng kinakailangang framework para sa mga gumagamit upang maipalit ang cryptocurrencies sa fiat currencies at vice versa. Kaya, ang mga exchanges ay kailangang arkitektura ng sistema na kailangang tingnan.

**Pampublikong Blockchain:** Kahit na nananatiling hindi magandang payo na magdepende sa pampublikong blockchain dahil sa mga limitasyon at hamon nito (napag-usapan na), ang isang ligtas na blockchain ay nagbibigay sa sistema ng ALLSTOCKS ng kinakailangang suporta.

**Stamper:** Siguraduhin na ang tethered tokens ay nasa kailangan nitong halaga. Ang mga stampers ang humahawak at nagpapanatili sa tradisyonal na mga assets sa tethered tokens. At sila din ang nagre-redeem at sumisira sa mga tokens sa tuwing nailabas na at nailipat ang pagmamay-ari ng underlying assets.

**Application Layer:** Malawak na hanay ng applications na nakatutok sa pag-develop sa kakayahang ng tethered token kapag naisaayos na ang mga ito. Kasama sa mga kakayahang ito ay ang trading na plataporma, wallet para sa remittance, at processor ng payment. Isang nakalaan na layer ng application na may user-friendly na mga libraries at codes templates na magpapabilis ng pag-develop ng application.

**Tethered Tokens:** Ang mga tethered tokens ay kailangan upang makagawa ng tradisyonal na mga tokens na may totoong pinansyal assets na backing. At saka, sa bawat tradisyonal na asset sa Blockchain, ang token ay ginagawa. Ito ay magsisiguro na sa tuwing ang underlying asset ay naibenta na, and token ay agad na sisirain.

**Transfer of Ownership:** Sa pagpalabas ng tethered na tokens, lahat ng underlying na assets ay maaaring i-trade sa ibang cryptocurrencies. Ang mga hakbang sa pagpapatakbo ng operasyon ay nakasaad sa ibaba:

- Ang gumagamit ay magpapadala ng fiat currency sa stamper
- Ang stamper ay mag-aaprubang at magbabalik ng mga ALLSTOCKS tethered token.
- Ang gumagamit ay maaaring mag-trade o mag-hold ng ALLSTOCKS tethered tokens.
- At, kukunin ng gumagamit ang kanyang tokens.
- Sa katapusan, ipapadala ng stamper ang fiat currency sa account ng user.

Sa pagtitiyak ng stamper, ang mga underlying assets ay maaaring tubusin sa mga susunod na araw pa, at ang tethered token ay maaaring panatilihin sa sistema para sa pagawa ng mga kinakailangang kabayaran.

**Bayarin:** Ang mga bayarin ay laging ipinapataw sa tuwing maglilipat ng digital at tradisyonal na assets, at ang mga bayaring ito ay ina-account.

**Regulasyon:** Bawat on-chain na transaksyon na ginagamit sa pagtukoy ng off-chain na paglipat ng pagmamay-ari ay kailangang pamahalaan ng maayos at ma-satisfy ang parehong lokal at panlabas ng bansa na mga regulasyon. Sapat na sabihin na ang pangunahing regulasyong algoritmo ay kailangang maisagawa upang masiguro ang maayos na oversight at governance. At saka, lahat ng transaksyon ay dapat makapasa sa lahat ng KYC/AML na pangangailangan.



## PAGPAPATUPAD NG SISTEMA NG ALLSTOCKS

Tatalakayin natin ang mga papel ng bawat bahagi ng Sistema ng ALLSTOCKS kapag ipinapatupad upang mabigyang solusyon ang mga kakulangan na nasabi na sa itaas.

**Blockchain ng Ethereum:** Ang Ethereum ay orihinal na ginawa ng Programmer na si VitalikButerin, na nagtrabaho sa Bitcoin Magazine noong 2013. Sinabi ni G. Buterin na kailangan ng Bitcoin ng programang magbibigay ng plataporma para sa app development, na siyang dahilan upang magmungkahi siya ng isang panibagong plataporma. Ngunit, noong ito ay ipinahayag noong 2014, ang trio nina Anthony Di Lorio, Charles Hoskinson, at Mihai Alisie ay sumama kay G. Buterin sa pagpapahayag ng paglabas ng isang bagong Blockchain technology-based na plataporma na tinatawag na Ethereum.

Ang Ethereum ay angkop sa ganitong layunindahil ito ay nag-decouple sa gantimpala ng mining galing sa mga transaksyon sa pagitan ng mga kalahok ng sistema. Upang makamit ito, tinutukoy ng Ethereum ang gantimpala ng mining bilang Ethereum gas, kabayaran upang i-proseso ang mga transaksyon sa Ethereum, habang ginawang bahagi ng proseso ng mining ang tethered tokens.

**Pagmimina ng Ethereum:** Upang makapagmina ng Ethereum kailangan mong i-solve ang ilang cryptographic puzzles upang manalo ng Ether, isang crypto token na magpapatakbo ng maayos sa sistema. Ang Ether ay magbibigay din sa mga developers ng Ethereum network ng kakayahang magbayad ng fees at mga serbisyo. Upang makapagmina ng Ethereum, gawin ang mga hakbang sa ibaba:

- Kumuha ng kompyuter. Siguraduhing mabilis ito
- Mag-install ng “geth,” software na nagpapatakbo ng Ethereum node. Hanapin at i-download ang software at magpatuloy
- Pagkatapos ng download at pag-install, ang iyong node ay makakapag-communicate sa ibang nodes sa Ethereum network
- Subukan ang application
- Mag-download atmag-install ng Ethminer
- Magsimulang magmina ng Ethereum sa pamamagitan ng pagsali ng mining pool.

Ito lahat ang gagawinupang makapagmina ng Ethereum.

**Cryptocurrency Tethered Token (CTTs):**Ang CTTs ay tethered tokens na kumakawatan ng totoong pinansyal na assets na iniingatan ng sistema ng ALLSTOCKS. Ang plano ng ALLSTOCKS ay maka-suporta sa lahat ng fiat currencies at lahat ng pangpinansyal na instrumento. May plano ding magdagdag ng iba pang assets sa hinaharap.

**Fiat Currencies:** Sa nasabi na, ang ALLSTOCKSay susuporta sa maraming internationally tradable na mga fiat currencies. Kasama sa mga fiat currencies na ito ay USD, EUR, GBP, RUB, CNY, JPY, at iba pa. Kahit ang mga nakalistang fiat currencies ay ang mga sinusuportahan ng network sa ngayon, laging sinisikap na madagdagan ang susuportahang fiat currencies.

**Money Market na mga Instrumento:** Dinisenyo ang ALLSTOCKSupang makapagbigay ng matatag na low-yield assets. Ang mga mamumuhunan ay maaaring bumili ng tokens na tethered sa US Treasury Bills. Kapag natapos na, ang implikasyon ay patuloy na lumalaki ang dibidendo at interes hanggang ang tunay na pinansyal na asset ay mag-mature. Ang mga dibidendo at interes, kapag meron na, ay ibibigay sa mga may hawak ng CTT bilang fiat na CTT. Ang pagsisikap sa pag-develop ng ALLSTOCKS ay patuloy, kaya sa hinaharap mas maraming pinansyal na institusyon ang maipasok sa network, at ang mga pangpinansyal na instrumento ay magiging mas maigi upang masuportahan ang bagong naidagdag na mga pinansyal na institusyon.

**Pagsunod sa Regulasyon:** Dahil ang mga CTTs ay maaaring i-program, pwede silang i-embed para masunod ang ilang regulasyon. Kahit na hindi bawal ang fiat, ang pagbili at pagbenta ulit ng iba pang pinansyal na asset ay nalilimita sa heograpiya at klase. Kapag nakamit ito, sila ay nakakasunod na. Ang simpleng lohika na ito ay naka-embed na sa CTT.

**Escrowna Account:** Ang lahat ng pinansyal na asset na ginagamit sa network na ito ay hahawakan ng isang escrow na account sa ngalan ng ipinalabas na CTTs ng ALLSTOCKS. Ang mga off-chain na gawain ay kailangan ng oversight at input ng mga awtorisadong regulators dahil ang malaking bahagi ng sistema ay off-chain. Mahalaga din na ang interaksyon ng stakeholder ay maayos na napamahalaan upang masiguro ang buong pagsunod na hindi isinasakripisyo ang reliability at transparency ng sistema.

**Mananaliksik ng mga Assets:** Magpapakita ng underlying assets na bukas at magamit sa mas madaling paraan. Pagpapahintulot sa kahit sinong gumagamit na ma-explore ang relasyon sa pagitan ng ipinalabas na CTTs at sa kanyang tunay na asset.

**Ipapaliwanag nating kung paano ito gumagana:** Ang ALLSTOCKSay nag-iexchange ng network, na may malayong inaabot at ang impluwensya ay patuloy na pinapaunlad upang makakuha ng kasunduan sa mga partner sa mga tumatakbong exchange at brokerages. Bilang bunga ng partnership, maaaring ilagay ng ALLSTOCKS ang ilan sa kanyang fiat na reserves sa mga exchanges na ito upang maibaba ng malaki ang oras sa paglipat at kabayaran habang binibigyan ang mga exchanges ng kinakailangan nitong liquidity.

At, ang mga hindi fiat na assets ay nangangailangan ng off-chain na presensya upang magawa ang due diligence at pagmamay-ari ng non-fiat na mga deposito. Sa maraming lokalidad, ang pamamahala ng asset ay kailangan ng brokerage at iba pang mahalagang lisensya. Ang mga

regulasyon ay laging nagbabago, at sa kanilang pagbabago, ang mga namamahala ng asset ay mas nagiging decentralized at mas nakatuon sa komunidad. Bilang resulta, ang mga mamumuhunan ay maaaring mamuhunan sa maraming totoong pinansyal na asset on-chain sa ALLSTOCKSna plataporma.

**Tokens ng ALLSTOCKS Network:** Kagaya ng pagsingil ng asset brokers ng fiat sa kanilang mga transaksyon, ang bayad at komisyon ng ALLSTOCKS Network ay sinisingil sa pamamagitan ng kanilang tokens. At, ang kagandahan ng ALLSTOCKS Network ay ito ay ililista sa lahat ng exchanges na ERC-20 compatible.

## IMPRASTRUKTURA NG ALLSTOCKS

Ang imprastruktura ng ALLSTOCKS ay gagawin sa paraang ang mga kritikal na data ay iniimbak sa Blockchain. Ang mga data na iniimbak ay mga balanse at transaksyon ng mga gumagamit. Habang ang data ay nakaimbak sa Blockchain, lahat ng ibang data ay nakaimbak sa server. Upang mapabilis ang pagamit ng CTT, mga kagamitan, framework, at pagpapaunlad na environment ay dinisenyo na. At saka, iilang smart contracts ay kailangan ng sistema upang ito ay tumakbo ng maayos. Ang mga gumagamit ng plataporma ay kailangan na mag-imbak at gumamit ng Ethereum wallets. Upang ma-adopt ang pakikipag-transact gamit ang CTT, hedging na mga kagamitan at pamumuhunan, user-friendly na mga libraries at code ay kinakailangan. Tungkol sa CTT smart contracts, lahat ng CTT smart contracts ay susunod sa ERC-20, ibig sabihin gagana ito sa Ethereum Blockchain. Habang ginagawa ito, ang ALLSTOCKS smart contract (tinatawag ding cryptocontracts) ay gagamitin sa pag-regulate ng trabaho ng CTT smart contracts.

**On-chain na Imprastruktura:** Ang ALLSTOCKS Network smart contracts ay kailangan upang gumana ito ng maaayos.

**CTT Smart Contracts:** Bawat totoong pinansyal na asset na rehistrado sa ALLSTOCKS Decentral Stock Exchange ay may CTT na ilalabas sa pamamagitan ng smart contracts. Ang CTT smart contracts, sa kabilang bahagi, ay ERC20-compliant. Sa puntong ito, ang pagpasa ng CTTs sa pagitan ng mga accounts ay parang pagpasa ng ERC20 tokens sa pagitan ng mga wallet ng mga gumagamit.

**ALLSTOCKS Decentral Stock Exchange:** Upang ma-regulate ang trabaho ng CTT Cryptocontracts, isang dedikadong Decentral Stock Exchange para sa Cryptocontracts ang bibigyan ng responsibilidad.

**Buffers:** Tinatawag ding Auxiliary Smart Contracts, mga katulong na gumagawa ng auxiliary na gawain katulad ng paglipat ng iba't ibang cryptocontracts na nagpapakatibay ng iba't ibang bersyon at magpagana ng karagdagang API na functions.

**Off-chain na Imprastruktura:** Upang mabilis na ma-adopt ang CTT bilang hedging na kagamitan, transaksyon at pamumuhunan, ilang libraries at code templates para sa app developers ay gagawin para sa kanilang pagamit.

**Toolkits:** Ito ang mga kagamitan na ginawa para lamang sa pag-interface ng internal CTT Limited's IT na imprastruktura sa Ethereum Blockchain. Sa madaling sabi, tumutulong ito para maisaayos ang interaksyon at ma-monitor ang takbo ng ALLSTOCKS na sistema.

**CTT na mga Mananaliksik:** Bilang dagdag, gagawa ng CTT na mga mananaliksik upang mabigyan ng pagkakataon ang mga gumagamit na tingnan ang CTT data at mano-manong

maberipika ang totoong pag-aari ng underlying pinansyal na mga asset ng ALLSTOCKS Decentral Stock Exchange.

## REGULASYON AT PAGPAPATUPAD

Ang aspetong ito ay magbibigay kasagutan sa regulatory framework at sa pagpapatupad ng sistema upang masolusyonan ang kanyang kamalian.

**CTTna Arkitektura:** Ang mga CTTs ay smart contracts na ipinapadala sa Ethereum Blockchain. Upang makapagbigay ng robust at scalable na sistema, may mga kriterya na dapat nilang masunod. Kasama sa mga kriteryang ito ang mataas na compatibility (kakayahang gamitin ang mga kasalukuyang tokens na ma-interface sa ERC20), pagiging upgradeable para masundan ang mga tuntunin at regulasyon, migratable (kakayahang magseparate ng events galing sa pangunahing imbakan), interaksyon sa lahat ng kailangang komponentat immutability (hindi na magbabago kapag naipadala na). Sa mga kasalukuyang pamamaraan, dapat na tandaan na datapuwat mahirap maipatupad ang pag-upgrade ng smart contracts, ang mga kagamitan at pamamaraan ay may mga limitasyon.

**Pagpapatayo ng Network ng ALLSTOCKS:** Ang pagpapatayo ng network ay nangangailangan na i-leverage ang mahirap ngunit holistic na solusyon sa pamamagitan ng pagtayo ulit ng buo papunta sa sopistikadong smart contracts, na hindi lamang makikipag-interact sa bawat isa ngunit magbibigay din ng maayos na updates at upgrades.

**Pag-upgrade ng mga interface ng token:** Pagkatapos mapatayo ang network, ang pagpa-unlad ng interface ang isang bagay na dapat bigyan ng mabilis na konsiderasyon. Ang token interface ay maaaring i-upgrade sa pamamagitan ng pagbigay ng karagdagang suporta para sa bagong batayan ng token. Pansinin na dati ang aming token standard ay ERC20, ngunit ngayon ay maaari kaming gumamit ng ERC233 bilang bagong batayan ng token, at ito ay magagawa sa pamamagitan ng pag-leverage ng kasalukuyang arkitektura ng sistema ng maayos. Tungkol sa pag-upgrade ng interface, ang tokens ay maaaring i-upgrade sa pamamagitan ng pagbigay ng karagdagang suporta para sa pinakabagong mga batayan ng token. Sa proseso ng pag-upgrade ng sistema, ang CTT ay nananatiling hindi apektado.

**CTT Three-Layer na sistema:** Ang mga CTTs ay i-restructure sa tatlong kritikal na patong: Imbakan (nag-iimbak ng lahat ng datos), view (interface para sa third-party na mga kontrata at apps) at mga controllers (i-implement ang striktong pagsunod at lohika ng negosyo, nag-orchestrate sa imbakan at pagsilip sa lath ng kontrata).

**Pag-update ng Pagsunod:** Upang i-update ang pagsunod, isang bagong CTT controller na kontrata, kontrata ng imbakan at configure na paningin ay ipapadala sa bagong sistema. Ang pagpapadala sa mga function na ito ay magpapahintulot sa madaling pag-update sa pagsunod at sa lohika ng negosyo na nagpapatakbo ng CTT. Ang prosesong ito ay tinatawag na **Smart Regulation**. Pinapayagan din nito ang ALLSTOCKS Network na masiguro na ang tokens ay sumusunod sa trends sa mga regulasyon ng mundo.

**Arkitektura ng Smart na mga Regulasyon:** Upang maipatupad ang KYC/AML na mga hakbang kailangan ng mahigpit na kontrol sa pahintulot. Dahil ang smart contracts ay may mga limitasyon na maaari lamang ma-access ang on-chain na data, kaya kailangan ipasok ang data sa blockchain bilang transaksyon para ma-access at ma-harness ang mga ito dahil, sa disenyo, walang third-parties sa sistema.

Dagdag pa rito, upang maipatupad ang KYC/AML, dalawang alternatibong solusyon ang maaaring sundin: pag-imbak ng data ng mga gumagamnit on-chain o ipatupad ang KYC/AML na tuntunin sa bawat transaksyon na mangyayari.

**Papel ng Tokens ng ALLSTOCKS:** Habang ina-upgrade ang sistema, ang pangunahing kinakailangan ng negosyo ng ALLSTOCKS ay ang CTT na ma-tether sa underlying na totoong pinansyal na asset. Sa mithiing ito, ang mga off-chain na assets ay sinusuri, ibig sabihin na ang mga virtual na exchange currency ay kailangan dahil gumaganap ito bilang intermediary sa pagitan ng on-chain at off-chain na bayad. Pinapatakbo nito ang pag-facilitate ng bayad ng off-chain na fees at interaksyon ng sistema.

Upang makapagbigay ng dedikadong chainang ALLSTOCKS Network sa hinaharap, ang token ay mahalaga upang mapabilis ang proseso ng migration. Sa lahat ng ito, angkop ang CTTs. Ang dahilan ay ang CTTs ay nananatiling naka-tether sa pinansyal na asset sa tunay na mundo habang ginagawa ang buong proseso. Habang ang ALLSTOCKS tokens ay gumaganap bilang gas sa network sa pagbibigay nito ng access sa mga mahalagang features ng network, ang ALLSTOCKS Network mismo ay nagsisiguro na ang CTT ay naka-tether sa tunay na pinansyal na asset.

## DECENTRALIZED NA MGA OPERASYON

Ang makamit ang pag-decentralize ng sistema ng ALLSTOCKS ay ang isang pinakamahalagang bagay na dapat makamit. Ang dahilan ay ito ay natatanging tampok ng cryptocurrencies – na siyang dahilan kung bakit ganito sila. Ang pagpalit ng pisikal na asset sa digital na asset ay nangangailangan ng mga gawaing off-chain sa pinansyal at legal. Dagdag pa nito, kailangan ng administrasyon na tingnan at upang masiguro ang buong pagsunod sa mga kailangang regulasyon. Sa kalaunan, ang mga regulasyon ay inaasahang magbago, na magbibigay sa sistema ng ALLSTOCKS ng kakayahang maging mas decentralized.

**On-chain Digital na Pagkakakilanlan:** Sa ngayon, maraming on-chain na pagkakakilanlan , Anti-Money Laundering (AML) at Know Your Customer (KYC), ngunit hindi ito sapat. Kaya, kinakailangan na magpatupad ng mas advance na solusyon sa pagkakakilanlan.

**Remittances:** Sinusuportahan ng ALLSTOCKS ang remittances sa pamamagitan ng pagpahintulot sa fiat to fiat na paglipat ng pera. Bilang resulta, madaling magdagdag at maglipat ng pondo ang mga gumagamit, kahit saan man sila sa mundo. Ang operasyong ito, sa disenyo, ay pinapatakbo ng mababang bayad na sinisingil ng cryptocurrencies at pag-maintain ng stability ng currency, kaligtasan at seguridad. Upang makasali sa sistemang ito, dapat may wallet ang gumagamit. Ang mga wallet na ito ang magpapahintulot sa kanila na magpalit sa mga currencies na ito at maglipat ng pondo galing sa isang tao patungo sa isa pa, na magbabayad lamang ng maliit sa mga transaksyong ito. Ang mga kabayaranang ito at paglipat ay maaaring gawin bilang cross-border na transaksyon.

**API para sa Currency:** Ang API ng ALLSTOCKS Network ay nagbibigay pahintulot sa mga mayhawak ng wallet na magpalit ng isang currency sa isa pa ng mas madali. Dagdag pa nito, magbibigay din ang ALLSTOCKS sa mga gumagamit ng simpleng daan ng pagtanggap ng lahat ng currencies at bayad sa lokal na currency ng gumagamit. Ang kagandahan ay lahat ng ito ay ginagawa na walang exchange o bayad sa paglipat. Sa minutong na-establish na ang network, maaaring mag-setup ang gumagamit ng agnostic na payment gateways na pinapatakbo ng API at libraries ng ALLSTOCKS Network.

## MGA GAMIT NG TOTOONG PINANSYAL NA ASSET-BACKED TOKENS

Ang mga asset-backed tokens ay may maraming gamit. Tatalakayin natin ang mga gamit na ito:

- **Tradisyonal papuntang digital na exchange:** Kaya nilang magbigay ng low-risk na mga pasilidad ngunit may mataas na balik sa mga mamumuhunan sa pamamagitan ng mga instrumento ng wholesale na puhunan para sa mga mamumuhunan. Ito ang nagpapahintulot sa paglipat ng asset galing sa tradisyonal patungong digital
- **Plataporma para sa pamumuhunan:**Dagdag pa nito, ang mga commodities at money market na mga instrumento ay maaaring i-deposito sa ALLSTOCKS at ibenta.
- **Shielding Tokens:**Ang mga organisasyon ay maaaring bumili ng money market CTTs at iimbak ito na may buong transparency.
- **Pandaigdigang Paglipat:** Kaya ding magbigay ng ALLSTOCKS na platform ng tokens na mayroong lahat ng nais nilang features: immutability, pandaigdigang gamit, reliability, stability, at madaling paglipat. Kapag ang mga tokens na ito galing sa ALLSTOCKS Network ay mayroong mga kalidad na ganito, kaya nito magbigay ng mga serbisyo kagaya ng payment gateways, remittance channels at marami pang iba.



## PAGBENTA NG TOKEN

Ang kabuuang supply ng token: 50,000,000 AST tokens.


Sa pagbenta nito ang AllStocks ay magpapalabas ng 25,000,000 AST tokens. Ang pagbenta ay hinahati sa tatlong bahagi bawat ay may mas mababang rate ng exchange na kumakatawan sa bonus ng maagang pagbili.

### Presyo ng AST Token:

Abril 15 – Abril 30, **Unang Bahagi:** 625 AST = 1.00ETH (25% Bonus)

Mayo 1 – Hunyo 15, **Ikalawang Bahagi:** 550 AST = 1.00 ETH (10% Bonus)

Hunyo 16 – Hulyo 30, **Ikatlong Bahagi:** 500 AST = 1.00 ETH (No Bonus)



## Fundraising na Mithiin: \$20M Hardcap

### Timeline ng Pagbenta ng Token:

- Pag-anunsyo  
Marso 1
- Simula ng Pampublikong Presale (1 Hakbang)  
Abril 15
- Katapusan ng Pampublikong Presale  
Abril 30
- Simula ng Pampublikong Crowdsale (2 at 3 Hakbang)  
Mayo 1
- Katapusan ng Pampublikong Crowdsale  
Hunyo 30
- Katapusan ng Pamamahagi ng Token  
Hulyo 15
- Simula ng Trading

### Gamit ng Pondo:

- 30% - Pananaliksik at Pag-unlad
- 30% - Marketing
- 30% - Pandaigdigang Operasyon & Brokerage Interface
- 10% - Advisory, Management & Other

### Mga Hakbang ng Pagbenta:

Unang Hakbang: Abril 15 – Abril 30 (25% BONUS)  
Pangalawang Hakbang: Mayo 1 – Hunyo 15 (10% BONUS)  
Pangatlong Hakbang: Hunyo 16 – Hunyo 30 (No BONUS)

Hulyo 31

Mahal na Mamumuhunan, kami ay nagpapasalamat sa'yo at sa iyong puhunan sa mahalaga at kauna-unahang inisyatibong ito. Ang iyong tiwala sa Token na ilalabas para sa'yo para sa iyong puhunan ay kumakatawan bilang pamumuhunan na certificate. Ang certificate na ito ay magbibigay sa iyo ng gantimpala sa hinaharap bilang balik sa iyong puhunan galing sa kita ng mga proyektong pangnegosyo sa hinaharap, batay sa mga desisyon na gagawin sa pantay-pantay na pamamaraan.

## KONKLUSYON

Kitang-kita, na nabibigyan namin ng kasagutan ang iilang paulit-ulit na problema na kinakaharap ng kasalukuyang sistema sa pamamagitan ng pagamit ng mga kasalukuyang teknolohikal na imprastruktura. Ang ALLSTOCKS Network ay may maayos na imprastruktura na kayang magbigay ng maayos na palitan ng crypto tokens na may backing ng totoong pinansyal na asset. At, ito ay naka-interface sa mga pangunahing stock exchanges sa buong mundo, kaya ito ay kumikitang pamumuhunan para sa lahat ng mga enthusiasts, mga financiers at mamumuhunan.

Dagdag pa nito, ang ALLSTOCKS tokens ay hawak na ng escrow account. At sa inaasahang \$20M Hardcap, ang ALLSTOCKS ay siguradong makakapagbigay ng kompetisyon sa mga kasalukuyang cryptos. Ano pa? Bawat isa sa mga nakalaang pondo (sa porsyento) na naka-budget para sa iba't ibang istrategiya ng ALLSTOCKS ay nagsisiguro sa katotohanang ang ALLSTOCKS ay magiging isa sa mga pinakamalaking bagay sa mundo ng crypto dahil ang mga strategist nito ay magagaling sa negosyo ng crypto. Dagdag pa rian, sa 30% ng kabuuang pondo na inilaan para sa Pananaliksik at Pag-unlad, ibig sabihin na ang kinabukasan ng ALLSTOCKS ay maliwanag. At, ang timeline ng pagbenta ng token ay nagpapakita ng mga petsa ng iba't ibang campaign – bagay na bibilhin ng lahat ng mga enthusiasts at mamumuhunan. Ang ALLSTOCKS ay para sa lahat anuman ang kanilang kita batay sa nakasaad sa timelines sa itaas.

Dagdag pa nito, pag-isipan ninyo ito: ang ALLSTOCKS tokens ay ERC20-compatible, ibig sabihin na magbibigay ito sa mga stakeholders ng pambihirang oportunidad na makapag-trade sa ibang crypto exchanges sa buong mundo. At ang magandang bahagi ay hindi na kailangan ng traders ng third-party (kagaya ng brokers at mga bangko) upang ma-regulate ang mga ganitong gawain. Ito ay tipikal na cryptocurrency na tumatakbo sa ikalawang pinakasikat na blockchain sa mundo ng crypto, Ethereum. Ibig sabihin nito na sa lahat ng ALLSTOCKS Network, ang mga kompanya sa lahat ng laki at mga mamumuhunan ay maaaring makapag-trade ng maayos at flexible.

Dapat ding bigyang pansin ang katotohanan na lahat ng puhunan sa ALLSTOCKS Network ay ligtas at may seguridad dahil may mga stampers na magsisiguro na ito ay makakamit, at ang totoong pinansyal na asset ay hinahawakan ng ALLSTOCKS sa escrow accounts sa mga sikat na bangko katulad ng JP Morgan Chase (JPM), Goldman Sachs (GS), Morgan Stanley (MS), Credit Suisse (DHY) at iba pa. Totoo, ang pamumuhunan sa ALLSTOCKS Network ay isang mabuting desisyon.

Sa nasabi na kanina, ang ALLSTOCKS Network ay matatag, ligtas, secure, decentralized at may kinabukasan. Lahat ng positibong ito ay ginawang posible sa pag-model ng ALLSTOCKS Network mismo, kanyang imprastruktura, regulasyon at pagpapatupad, at decentralized na mga operasyon. Dapat pansinin na ang pamamaraang ito ay holistic at tedious, ngunit kailangang gawin ng maingat para ang mga stakeholders sa plataporma ay gustong mamuhunan. Kapag ang mga kritikal na komponent na ito ay tumakbo ng maayos magbibigay ito ng blockchain na



plataporma na gagawa ng rebolusyon sa pangdaigdigang stocks at asset na merkado. Huwag lang ninyong basahin ito, i-save and petsa ng pag-launch at gumalaw na ngayon din.

## DISCLAIMER NG PANANAGUTAN

Ang legal na implikasyon na nauugnay sa pagpaparami, transmisyon, at pagpapakalat ng Whitepaper na ito ay nakapaloob na dito, at ikaw ay mahigpit na pinapayuhan na basahin at intindihin ang mga ito bago magdesisyon na sumali sa venture na ito.

Katulad ng iba pang negosyo, may mga panganib na nauugnay sa ALLSTOCKS, ALLSTOCKS wallet, at sa lahat ng negosyo na may kaugnayan sa ALLSTOCKS. Dagdag pa nito, ang mga panganib na ito ay maliwanag na isinama sa pagpaliwanag sa mithiin ng Whitepaper na ito.

Lahat ng mga entity ng ALLSTOCKS at mga direktor at empleyado nito ay walang pananagutan sa pagkawala ng iyong ALLSTOCKS pagkatapos nitong mailipat sa iyo sa dahilan ng iyong kabiguang magtago o mag-backup ng tamang rekord ng iyong password o password cracking ng ibang tao dahil sa hindi maayos na pagpanatili ng iyong password.

Gagawin ng ALLSTOCKS ang lahat upang mailunsad ang kanyang operasyon at ma-develop ang kanyang website. Lahat ng tao na bumili ng ALLSTOCKS ay tinatanggap at naiintindihan na hindi ito nagbibigay ng kahit anong garantiya. Kaya tinatanggap nila at naiintindihan na ang ALLSTOCKS (kasama ang kanyang mga distribyutor at empleyado) ay walang responsibilidad o pananagutan sa kahit anong kawalan o pinsala na resulta sa kawalang-kakayahang magamit ang ALLSTOKS.

Naintindihan mo at sumang-ayon ka na alam mo na ang cryptocurrency ay maaaring may legal na bayad at buwis sa iyong hurisdiksyon, buwis para sa capital gain, at value-added na buwis. At, tinatanggap mo na ikaw ang may buong responsibilidad para sa kahit anong buwis sa ALLSTOCKS ngunit hindi sa ALLSTOCKS mismo at mga Distribyutor nito.

Ang mga awtoridad sa regulasyon ay maingat na nagsusuri ng mga negosyo at operasyon na may kinalaman sa Crypto tokens sa buong mundo. Kasabay nito, ang mga regulatory measures, imbestigasyon o aksyon ay maaaring makaapekto sa ALLSTOCKS na negosyo at malimitahan o mahadlangan ang pag-unlad ng kanyang operasyon sa hinaharap.

Lahat ng tao na bumili ng ALLSTOCKS ay dapat nakakaalam na ang kanyang modelo ng negosyo o ilulunsad na website at ang kasalukuyan nitong plataporma ay maaaring magbago o kailangang baguhin dahil sa mga bagong regulasyon at pagsunod sa kahit anong naaangkop na mga batas sa ilang hurisdiksyon.

Sa kasong ito, lahat ng bumili ng ALLSTOCKS ay tinatanggap at naintindihan na wala sa ALLSTOCKS o sa kahit anong kasama nito ang may pananagutan sa kahit anong direkta o hindi direkta na pagkawala o pinsala dahil sa mga pagbabagong ito.

Ang Whitepaper na ito at kahit anong materyales at paliwanag na ginawa ng ALLSTOCKS at ng kanyang mga opisyal at empleyado ay hindi at hindi maaaring ituring bilang imbitasyon upang pumasok sa pamumuhunan. Dagdag pa nito, hindi ito bumubuo o nauugnay sa kahit anong paraan o maaaring tingnan bilang pag-alok ng securities sa kahit anong hurisdiksyon.

Ang Whitepaper na ito ay hindi naglalagay o naglalaman ng kahit anong indikasyon o impormasyon na maaaring ituring na rekomendasyon, o na maaaring gamitin bilang basehan sa isang pamumuhunang desisyon. Wala sa ALLSTOCKS o sa kanyang mga distribyutor at empleyado ay ituturing bilang taga-payo sa kahit anong legal, buwis, o pinansyal na bagay.

Ang pagbili ng ALLSTOCKS ay hindi nagbibigay ng kahit anong karapatan o impluwensya sa kanyang organisasyon at pamamahala sa mga bumibili.

Dagdag pa, ang Whitepaper na ito ay hindi kumakatawan sa posisyon o payo na bumili ng crypto token o ituring ito bilang basehan ng pamumuhunang desisyon pagkatapos ng presentasyon.

Tandaan na lahat ng distribyutor ng Crypto tokens ay tumatayo bilang affiliates ng ALLSTOCKS at hinihiling ng Whitepaper na ito na gamitin ang nalikom sa pagbenta ng ALLSTOCKS tokens na pondohan ang kanyang negosyo, proyekto, at operasyon.

At, ang pamamahagi ng Whitepaper na ito, ang kanyang parte o kopya ay hindi dapat ibahagi o ipadala sa mga bansa kung saan ang kanyang pamamahagi at pamimigay ay ipinagbabawal. Kaya, ang ALLSTOCKS at ang kanyang mga affiliates o distribyutor ay walang pananagutan dito.

Walang bahagi ng Whitepaper na ito ang maaaring ipamahagi o ipamigay ng hindi kasama ang “Disclaimer ng Pananagutan” at “Mga Peligro at Uncertainties ng ALLSTOCKS” dahil ang pagawa nito ay paglabag sa awtoridad ng papel na ito, at ang gumawa ay hindi pananagutin sa kahit anong legal na implikasyon dahil dito.

Tandaan na ang lahat ng kailangang impormasyon upang makasali sa ALLSTOCKS ay ibinigay sa Whitepaper na ito at sa website. Kaya, ang ALLSTOCKS ay hindi pananagutin para sa mga karagdagang impormasyon na wala dito kahit saan man nanggaling ang mga ito.

## MGA PELIGRO AT UNCERTAINTIES NG ALLSTOCKS

Pinapayohan ng bahaging ito ang lahat ng mga potensyal na bibili ng ALLSTOCKS tokens na basahin ang mga kaugnay na peligro at uncertainties na nakalagay dito bago mag-desisyon na bumili ng tokens. Hindi maaaring tanggalin ang posibilidad na mangyayari ang mga nasabing peligro at uncertainties. Kapag nangyari ito, ang negosyo, pinansyal na peligro, prospects ng ALLSTOCKS tokens at Distribyutor ay maaaring maapektuhan.